
# Kailan Dapat Panatilihin ang Iyong Anak sa Bahay at Umiwas sa Paaralan o Pangangalaga sa Bata

**Nasa ibaba ang mga mungkahi kung kailan dapat panatilihin sa bahay ang iyong anak kapag masama ang pakiramdam niya. Makipag-ugnayan sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung ang iyong anak ay nangangailangan ng pangangalagang medikal. Ang sulat ng doktor ay karaniwang hindi kinakailangan upang bumalik sa paaralan o pangangalaga sa bata. Para sa higit pang impormasyon, pakibisita ang CDPH pahina ng gabay.**












| Sintomas ng Sakit | Kailan dapat manatili sa bahay ang aking anak at kailan sila makakabalik? |
|---|---|
| **Sa pangkalahatan, hindi maganda ang pakiramdam** | **MANATILI SA BAHAY KUNG** anumang bagong karamdaman o sintomas ang pumipigil sa isang bata sa makabuluhang pakikilahok sa nakagawiang mga aktibidad. |
| **Lagnat** | **MANATILI SA BAHAY KUNG** ang lagnat ay 100.4°F (38°C) o mas mataas.<br><br>**BUMALIN KAPAG** wala ang lagnat sa magdamag at wala na sa umaga nang hindi gumagamit ng mga gamot gaya ng Tylenol®, Advil®, o Motrin® (acetaminophen o ibuprofen). |
| **Pagsusuka** | **MANATILI SA BAHAY KUNG** ang pagsusuka ay naganap nang 2 o higit pang beses sa loob ng 24 na oras.<br><br>**BUMALIK KAPAG** natapos na ang pagsusuka sa magdamag, at kaya na ng iyong anak ang mga likido at pagkain. Magrekomenda ng madalas na paghuhugas ng kamay. |
| **Pagtatae** | **MANATILI SABAHAY KUNG** ang dumi ng iyong anak ay malamang na tatagas mula sa lampin, o kung malamang na hindi sila makarating sa palikuran sa oras (kung marunong nang gumamit ng palikuran). Kung ang dumi ay mukhang duguan o maitim, humanap ng medikal na atensyon.<br><br>**BUMALIK KAPAG** bumubuti na. Irekomenda ang madalas na paghuhugas ng kamay. |

**I-iskan ang QR code at hanapin ang pinakabagong bersyon ng polyeta (flyer) na ito.**

# Kailan Dapat Panatilihin ang Iyong Anak sa Bahay at Umiwas sa Paaralan o Pangangalaga sa Bata

| Sintomas ng Sakit | Kailan dapat manatili sa bahay ang aking anak at kailan sila makakabalik? |
|---|---|
|  **Sakit sa lalamunan** | **OK NA PUMASOK KUNG MAY BANAYAD NA SINTOMAS.** Mangyaring isaalang-alang ang pagsusuot ng takip sa mukha (mask) kung ang edad ay 2 taon o mas matanda.<br>**MANATILI SA BAHAY AT HUMINGI NG MEDIKAL NA ATENSYON** para sa kahirapan sa paghinga o paglunok, o patuloy na paglalaway.<br>**BUMALIK KAPAG BUMUBUTI.** Kung inireseta ang isang antibiyotiko, kunin ang unang dosis ng hindi bababa sa 12 oras bago bumalik. |
|  **Mga sintomas ng sipon, tulad ng ubo, baradong ilong, pagbahing** | **OK NA DUMALO NA MAY BANAYAD NA SINTOMAS.** Mangyaring isaalang-alang ang pagsusuot ng taki sa mukha (mask) kung edad 2 taon o mas matanda.<br>**MANATILI SA BAHAY AT HUMANAP NG MEDIKAL NA ATENSYON** para sa malalang sintomas, kabilang ang malalang ubo, kahirapan sa paghinga o problema sa paghinga, o paghinga kapag hindi kontrolado ng gamot (tulad ng albuterol).<br>**BUMALIK KAPAG BUMUBUTI.** Kung ang iyong anak ay mangangailangan ng gamot pagkatapos bumalik, makipag-ugnayan sa lugar upang ipaalam sa kanila. |
|  **Ang pangangati sa tainga o mata, kabilang ang kuliti (pink eye)** | **OK NA DUMALO NA MAY BANAYAD NA MGA SINTOMAS.** Magrekomenda ng madalas na paghuhugas ng kamay.<br>**MANATILI SA BAHAY AT HUMANAP NG MEDIKAL NA ATENSYON** para sa kahirapan sa paningin o pandinig, pinsala sa mata, o sakit na hindi nila kayang tiisin. |
|  **Pantal** | **OK NA DUMALO NA MAY BANAYAD NA MGA SINTOMAS.**<br>**MANATILI SA BAHAY AT HUMANAP NG MEDIKAL NA ATENSYON** kung lumalala ang pantal, nagdudulot ng pananakit, may mga paltos, o hindi gumagaling.<br>**BUMALIK KAPAG BUMUBUTI** o ayon sa gabay ng tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan. Sa pangkalahatan, para sa mga kondisyon tulad ng kuto, impetigo, buni, galis, at mga pinworm, maaaring bumalik ang iyong anak sa sandaling simulan nila ang naaangkop na paggamot. |